Hindi matitinag ang dalawang paa ng isang tao sa Araw ng Pagbangon hanggang sa matanong siya tungkol sa buhay niya kung sa ano siya umubos nito, tungkol sa kaalaman niya kung sa ano siya gumamit nito, tungkol sa yaman niya kung mula saan siya kumita nito at kung sa ano siya gumastos nito, at tungkol sa katawan niya kung sa ano siya lumaspag nito?"}

Ayon kay Abū Barzah Al-Aslamīy (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Hindi matitinag ang dalawang paa ng isang tao sa Araw ng Pagbangon hanggang sa matanong siya tungkol sa buhay niya kung sa ano siya umubos nito, tungkol sa kaalaman niya kung sa ano siya gumamit nito, tungkol sa yaman niya kung mula saan siya kumita nito at kung sa ano siya gumastos nito, at tungkol sa katawan niya kung sa ano siya lumaspag nito?"}
[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām At-Tirmidhīy]

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na walang lalampas na isa man sa mga tao sa tayuan ng pagtutuos sa Araw ng Pagbangon tungo sa paraiso o impiyerno hanggang sa matanong siya tungkol sa mga sumusunod: A. Ang buhay niya kung sa ano siya umubos nito at gumugol nito. B. Ang kaalaman niya kung naghanap ba siya nito alang-alang kay Allāh, kung gumawa ba siya ayon dito, at kung nagpaabot ba siya nito sa karapat-dapat dito. C. Ang yaman niya kung mula saan siya kumita nito: kung sa ipinahihintulot ba o ipinagbawal; at kung sa ano siya gumastos nito: kung sa nagpapalugod ba kay Allāh o nagpapainis sa Kanya. D. Ang katawan niya, ang lakas niya, ang kagalingan niya, at ang kabataan niya kung sa ano siya lumaspag nito at gumamit nito.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/4950